

## **Inilalabas ng Lungsod ng Brampton ang mga highlight sa 2020 Termino ng mga Prayoridad ng Konseho at inaaprubahan ng Konseho ang pinatalas na pokus sa 16 na mahalagalang mga prayoridad para sa 2021-2022**

BRAMPTON, ON (Enero 28, 2021) – Kahapon, inilabas ng Lungsod ng Brampton ang update sa pagsulong nito sa 2018-2022 Termino sa mga Prayoridad ng Konseho sa 2020, hina-highlight ang mahalagalang mga tagumpay sa loob ng nakalipas na taon sa gitna ng pandemya.

Base sa resulta ng mga interbyu na isinagawa sa Mayor at mga Miyembro ng Konseho, feedback na nakuha mula sa nakakataas na liderato, at pagboto na isinagawa sa Workshop ng Konseho sa Nobyembre 2020, inaaprubahan ng Konseho kahapon ang [16 nainisyatiba](#) (p.162) bilang nangungunang prayoridad para sa Konseho bilang suporta sa komunidad. Hinati ang mga prayoridad sa dalawang stream: Mga Prayoridad na Intergovernmental/Adbokasiya; at Mga Prayoridad na Minandato/Kontrolado ng Lungsod, ang lahat ay patuloy na sumusuporta sa nakatakdang estraterjik na mga direksyon ng Brampton.

Ang COVID-19 ay nakalikha ng hindi nahuhulaang mga kondisyon at mga hamon na nangangailangan sa staff na umangkop kaagad at lumipat sa paghahatid ng mga programa at mga serbisyo. Sa kabila nito, ang Lungsod ay nagpapatuloy sa pag-abante sa mahalagalang mga bahagi habang binabalanse ang pagtugon nito sa COVID-19 at muling pagbangon:

### **Ang Brampton ay Lungsod ng mga Pagkakataon**

Ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na humuhusay ang pagkamagandang tirahan at sumusuporta sa mga negosyo sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay ng \$233,000 na kaloob na pondo sa maliliit na mga negosyo
- Pinapalahok ang higit sa 5,000 kalahok sa pamamagitan ng 137 birtwal na mga event at mga seminar
- Nagbibigay ng mga konsultasyon sa 1,043 kliyente, kabilang ang paglikha ng 38 bagong negosyo at 82 ekspansyon ng negosyo sa buong Brampton Entrepreneur Centre
- Inilunsad ang apat na bagong partner na Innovation District para paigtingin ang presensya sa ekonomiya sa Downtown Brampton

### **Ang Brampton ay Binubuo ng Iba't ibang Uri ng mga Tao**

Patuloy na ipinagmamalaki ng Lungsod ang diversity ng Brampton at sinusuportahan ang pagsasali sa lahat sa pamamagitan ng:

- Pamumuhunan ng \$435,561 sa Advance Brampton Fund, sumusuporta sa 48 digital na mga proyekto para sa mga non-profit na organisasyon
- Pinagtibay ang Pagpapalakas na Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiya sa Black African at Caribbean at sa Unit Laban sa Rasismo sa mga Itim, at inaaprubahan ang paglunsad sa

Equity Office sa 2021 na may pokus sa pagtukoy at pagtanggap sa mga balakid sa lugar ng trabaho at komunidad

- Pag-host ng Fire Services Career Info Session para sa Komunidad ng mga Itim na may pinakamalaking paglahok ng 900 kalahok
- Pagbibigay ng bagong pangalan sa dalawang parke ng Lungsod, Purple Lilac Memorial Park at Emancipation Park na may pokus sa kaligtasan at pagsasali sa lahat

### **Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod**

Ang Lungsod ay nakatuon sa inobasyon, katipiran sa enerhiya, pampublikong transportasyon at pagpapalago sa natural na mga espasyo sa pamamagitan ng:

- Paglunsad sa pinakaunang programa sa Hardin sa Likod-bahay, na humihikayat ng higit sa 6,000 kalahok, nagpapatubo ng 10,000 libra ng ibinogay na mga ani sa lokal na mga food bank
- Pinasimulan ang Plano nito sa Pagbawas sa Enerhiya sa Komunidad at Emisyon para mabawasan ang green house gases
- Sini-secure ang pondong \$83.1M nang pauna. Mga proyekto sa transportasyon; at \$38M para sa proyekto nito sa Riverwalk para mapasulong ang pagpapababa ng pagbaha
- Pag-apruba sa mga plano para sa pangatlong pasilidad ng Transit, isang kumpletong electric transit maintenance at pasilidad ng imbakan

### **Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod**

Tumulong ang Lungsod na paigtingin ang kaligtasan ng komunidad, mas pahusayin ang mga suporta sa kalusugan ng isip at hikayatin ang aktibo at nakakalusog na mga uri ng pamumuhay sa pamamagitan ng:

- Pag-instala sa 26 na Automated na mga Camera para sa Pagpapatupad sa Bilis sa mga Safety Zone ng Komunidad sa buong Brampton
- Pagbubukas sa apat na bagong skating rink para matiyak na ang mga residente ay ligtas na magiging aktibo sa mga buwan ng taglamig
- Pagkumpleto sa pagpapaganda sa mga fitness na amenidad tulad ng mga sentrong panlibangan, mga parke at mga field
- Pag-construct sa 26 na kilometrong bike lanes para itaguyod ang aktibong transportasyon sa buong lungsod

### **Ang Brampton ay Isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo**

Patuloy na inuuna ng Lungsod ng Brampton ang kahusayan sa serbisyo at pagiging isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo sa harap ng pandemya sa pamamagitan ng:

- Pag-freeze sa mga buwis para sa tatlong sunod-sunod na taon na may pinakamalaking kontribusyon sa reserba, habang inihahatid ang mga mahalagang mga serbisyo sa mga residente
- Pagmimintina sa triple AAA credit rating, ang pinakamataas na rating na pwedeng matanggap ng isang munisipalidad para sa magandang fiscal na mga gawain
- Pagiging maagang tagagamit ng Mobi Inspect, isang app para inspeksyunin ang mga pasilidad

- Pagtataguyod para sa at pag-secure ng pinansyal na tulong na \$34.9M (Phase 1 ng Programa sa Ligtas na Muling Pagsisimula), \$27.5M (Phase 2 ng Programa sa Ligtas na Muling Pagsisimula) at \$0.6M (Municipal Transit Enhanced Cleaning Fund)
- Pinangalanan ng Forbes bilang isa sa Pinakamabubuting Empleyado sa Canada, sa isang talaan ng 300 nangungunang employer sa buong bansa

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga highlight at mga tagumpay para sa 2020 sa loob ng 2018-2022 Termino ng mga Prayoridad ng Konseho, bisitahin ang [www.brampton.ca/tocp](http://www.brampton.ca/tocp)

### **Mga Quote**

“Ikinagagalak kong ipresenta ang mga highlight at mga resulta ng ating Termino ng mga Prayoridad ng Konseho na nakamit natin bilang isang team sa 2020. Sa harap ng pandemya, ang agarang pokus ng Lungsod ay suportahan ang ating komunidad. Kasabay nito, ipinagpatuloy natin ang ating mahalagang trabaho sa umiiral na 51 inisyatiba at 22 prayoridad, at 20 karagdagang mga inisyatiba na aprubado ng Konseho. Habang tayo ay pumapasok sa 2021, ang pinatalas ng ating Konseho na pokus sa 16 na prayoridad para sa 2021-2022 ay nagtitiyak na pinanatili natin ang pokus sa kung ano ang mahalaga sa komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa 2020, naharap tayo sa napakatinding mga mahihirap na panahon dahil sa COVID-19 at walang pagod na nagtrabaho ang mga staff ng Lungsod para suportahan ang ating mga residente, mga negosyo, at mga pangkat sa komunidad. Patuloy na naghahatid ang ating team ng mahusay at epektibong mga serbisyo ng Lungsod sa gitna ng pandaigdigang pandemya habang patuloy na inaabot itong Termino ng mga Prayoridad ng Konseho. Ipinagmamalaki kong ibahagi ang 2020 mga tagumpay ng ating team, at ang mid-term refresh ng Konseho na nagbubunga sa 16 na mahahalagang prayoridad ay ebidensya ng commitment ng Team Brampton na ihatid ang pinakamahusay para sa ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

